Government of Western Australia
Department of Mines, Industry Regulation and Safety

WorkSafe
Western Australia

PAPEL NG IMPORMASYON

# Makatwirang magagawa

Ang taong nagsasagawa ng negosyo o proyekto (PCBU) ay dapat gumawa kung ano ang 'makatwirang magagawa' upang mananatiling malusog at ligtas ang mga manggagawa at ibang mga tao sa lugar ng trabaho.

Dapat alisin ng mga PCBU ang mga panganib sa kalusugan at kaligtasan kung makatwirang magagawa. Kung hindi makatwirang magagawa na maalis ang panganib, dapat ito ay mabawasan.

## Ano ang kahulugan ng makatwirang magagawa?

Ano ang makatwiran mong magawa upang matanggal ang mga peligro at mawala, mapamahalaan o makontrol ang mga panganib, kung pag-iisipan ang:

- Talaga bang mangyayari ang peligro?
- Ang pagkakasugat ba ay banayad lamang o malubha?
- Ano ang alam mo – o dapat mong malaman – tungkol sa peligro at kung paano matatanggal o mababawasan ang panganib?
- Mayroon bang mga magagamit na akmang paraan sa pagtanggal o pagbawas ng panganib?
- Magkano ang magagastos sa pagtanggal o pagbawas ng panganib?

## Mga peligro at panganib

**Peligro** – ang peligro ay anumang sitwasyon o bagay na maaaring makakapinsala sa isang tao. Ang mga peligro ay maaring matukoy sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa mga manggagawa, pagsisiyasat sa lugar ng trabaho at pagrerepaso sa mga nakaraang insidente.

**Panganib** – ang panganib ay ang malamang pagkapinsala – pagkamatay, pagkasugat o pagkakasakit– ay mangyayari.

## Pangangasiwa ng panganib

Dapat kang gumamit ng pangangasiwa sa panganib upang matanggal ang mga peligro at mawala o makontrol ang mga panganib. Iniuutos ng WHS Regulations sa mga PCBU na gumamit ng isang paraan sa pangangasiwa ng panganib kung nangangasiwa ng mga natatanging panganib.

Ang pangangasiwa ng panganib ay isang proseso upang:

1. matukoy ng mga peligro
2. matasa ng panganib:
    - ano ang tsansa na masusugatan ang isang tao?
    - gaano kalubha ang pagkakasugat?
3. tukuyin at gawin ang mga pangkontrol na hakbang upang matanggal o makontrol ang panganib
4. repasuhin ang mga hakbang sa pagkontrol upang matiyak na gumagana ang mga ito.

Kung saan makatwirang magagawa, dapat alisin ang mga peligro at panganib. Kung hindi magawang maaalis ang mga panganib sa kalusugan at kaligtasan, dapat mabawasan sila sa pamamagitan ng isa o mahigit pang mga hakbang sa pagkontrol. Kailangan kang gumamit ng isa o mahigit pa sa mga sumusunod upang mabawasan ang panganib, kung makatwirang magagawa:

- palitan ang peligro ng isang mas ligtas (katulad ng pagpapalit ng delikadong kemikal sa isang mas ligtas)
- ilayo ang tao sa peligro (katulad ng paggamit sa mga panghadlang)
- paggamit ng mga pagawa o pisikal na pagkontrol (katulad ng mga pangharang sa makina).

Kung may panganib pa rin, ang mga pangkontrol sa pamamagitan ng pamamahala (katulad ng pagsasanay, pagkakaroon ng checklist at mga standard operating procedure) ay kailangang gamitin upang mabawasan ang panganib. Upang makontrol ang natitirang panganib, dapat ang PCBU ay magbigay sa mga manggagawa ng mga kagamitang pangproteksyon sa sarili (katulad ng mga goggles o safety boots) at turuan ang mga manggagawa sa tamang paggamit ng mga ito.

## Sanggunian

Ang PCBU ay dapat magsangguni sa mga manggagawa na maaaring maapektuhan ang kalusugan at kaligtasan sa kanilang trabaho.

Ang pakikipagtalakay sa mga manggagawa ay makakatulong sa iyo na matukoy ang mga peligro at pag-isipan ang mga paraan sa pagbabawas ng panganib. Maaari ka ring magsangguni sa mga kinatawan ng kalusugan at kaligtasan at sa komite ng kalusugan at kaligtasan kung mayroon nito sa lugar ng trabaho.

Ang PCBU ay dapat ding magsangguni sa ibang mga may hawak ng mga responsabilidad at magtulungan sa pag-alis ng mga peligro at mabawasan ang mga panganib. Kasama rito ang lahat ng nasa lugar ng trabaho na nakikibahagi sa mga responsabilidad sa kalusugan at kaligtasan katulad ng mga ibang PCBU, mga tagatustos ng mga kemikal at mga nagmamanupaktura ng planta.

## Ano ang makatwirang magagawa?

Posible bang mawala ang panganib? Kung hindi matanggal ang panganib, gamitin ang pinakamataas na antas ng posibleng pagkontrol para mabawasan ang peligro. Kung mas mataas ang panganib dapat na mas marami kang gagawin para matanggal o mabawasan ito.

Ang mga pagraranggo ng pagkontrol ay tutukoy sa mga ibat-ibang uri ng mga hakbang sa pagkontrol na dapat gamitin at naipapakita sa sumusunod na banghay (diagram).





*Figure 1 Pagraranggo ng pagkontrol*

## Ano ang makatwiran?

Kung mas mataas ang panganib, mas maraming dapat gawin ang PCBU upang matanggal o mabawasan ito. Dapat pag-isipan ng PCBU ang:

- Pipiliin bang gawin ito ng isang makatwirang tao na nasa kaparehong sitwasyon?
- Gaano nababawasan ng bawat hakbang sa pagkontrol ang panganib sa pagkasugat?
- Mas mabuti bang gumamit ng mahigit sa isang pagkontrol?
- Gaano kadami ang mapapalitan sa aktibidad?
- Mayroon ka (o ng ibang tao) bang magagawa pa upang mabawasan ang panganib?

Pag-iisipan lamang ang gastos kapag ito ay masyadong malaki kumpara sa panganib.

## Repasuhin ang mga pagkontrol sa panganib

Dapat regular na rinerepaso ng PCBU ang mga hakbang sa pagkontrol at pag-isipan:

- Ang hakbang sa pagkontrol ba ay nakakakontrol pa rin sa panganib?
- Nagbago ba ang mga panganib sa trabaho?
- May mga bago bang peligro?
- Isinangguni mo ba sa mga manggagawa upang malaman kung ang mga pangkontrol ay gumagana?
- Humingi ba ang kinatawan sa kalusugan at kaligtasan ng pagrepaso?
- Mayroon bang bago o mas mahusay na paraan sa pagbabawas ng panganib?

## Karagdagang impormasyon

Ang WHS Regulations at mga koda ng paggawa ay makapagbibigay sa iyo ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagkontrol ng mga panganib.

WSJulr22_1147